COUNTY OF LOS ANGELES Public Health

# Protokol para sa mga Restawran: Appendix I
# Epektibo mula 12:01 ng umaga Huwebes, Mayo 6, 2021

Retirado - Wala ng Epekto

**Kamakailang mga Pagbabago**: (Ang mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)

**5/5/2021:**

- Para sa mga empleyado na ganap nang nabakunahan at piniling hindi magsuot ng isang panangga sa mukha dagdag pa sa kanilang maskara sa mukha, dapat na kumpirmahin at idokumento ng amo/employer ang kalagayan ng ganap na pagbabakuna ng mga empleyado.
- Panloob: ang mga kostumer na hanggang anim (6) na sambahayan ay maaaring maupo nang sama-sama bilang isang partido kung lahat sila ay ganap nang nabakunahan. Panlabas: ang mga kostumer na hanggang walong (8) sambahayan ay maaaring maupo nang sama-sama bilang isang partido ng walo kung sila ay ganap nang nabakunahan.
- Ang mga telebisyon ay maaaring buksan/i-on sa mga panloob at panlabas na lugar ng kainan.

Ang mga rate ng kaso, mga pagpapaospital, at mga kamatayan ng COVID-19 ay bumaba na at tila matatag na, ngunit ang pagkalat sa komunidad ng COVID-19 ay nananatiling katamtaman. Ang COVID-19 ay patuloy na nagbabadya ng mataas na panganib sa mga komunidad at inaatasan ang lahat ng mga tao at mga negosyo na gumawa ng mga pag-iingat at baguhin ang mga operasyon at aktibidad para bawasan ang panganib ng pagkalat

Dahil sa ang Los Angeles County ay nasa "Dilaw na Tier" (Yellow Tier) ng Plano ng Estado para sa isang balangkas ng Mas Ligtas na Ekonomiya (State's Blueprint for a Safer Economy framework), ang protokol na ito ay nabago para alisin ang ilang mga paghihigpit na partikular sa lokal na aktibidad. Ang mga Restawran at iba pang mga pasilidad sa serbisyo ng pagkain ay dapat na magpatuloy ng may pag-iingat at sumunod sa mga inaatas sa protokol na ito para bawasan ang potensyal na pagkalat ng COVID-19 sa loob ng kanilang mga operasyon ng negosyo.

Ang mga restawran at iba pang mga pasilidad ng pagkain ay maaaring magkaloob ng serbisyo ng pagkain at inumin, sa pamamagitan ng panloob at panlabas na kainan (indoor and outdoor dining), pati na rin ang serbisyo sa paghahatid (delivery), drive thru at pagkaing naiuuwi (carry out). Dagdag pa rito, ang mga gawaan ng alak (wineries), mga gawaan ng serbesa (breweries), at mga destilerya na naghahain ng mga tunay na pagkain (bona fide meal) na may anumang pagbili ng alkohol ay maaaring magbukas para sa panloob at panlabas na kainan (indoor and outdoor dining) bilang dagdag sa paghahatid, drive thru, at naiuuwi na serbisyo. Ang mga restawran na gumagana sa loob ng mga Panglibangang Parke (Amusement Parks), mga Sentro ng Libangan ng Pamilya (Family Entertainment Centers) at mga Cardroom ay dapat na sumunod sa mga limitasyon sa panloob na kapasidad (indoor capacity) na pinahihintulutan para sa mga establisyementong iyon.

Ang panloob na kainan (indoor dining) ay maaari lamang magbukas sa isang pinakamaraming (máximum) na 50% ng pag-okupa. Ang pag-okupa ay batay sa naaangkop na mga Gusali o Code ng Apoy (Building o Fire Code). Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay hinihikayat ang mga restawran na magpatuloy na bigyang prayoridad ang mga serbisyo sa panlabas na kainan (outdoor dining), pagkuha (pick-up), at paghahatid na serbisyo para sa kaligtasan ng mga manggagawa at tagapagtangkilik (patrons) dahil ang mga ito ay nagpepresenta ng mas mababang panganib ng transmisyon ng COVID-19 kapag ikinumpara sa panloob na kainan.

Dagdag pa sa mga kondisyon na ipinataw sa mga restawran at iba pang mga pasilidad ng pagkain ng Opisyal ng Estado sa Pampublikong Kalusugan, ang mga establisyementong ito ay dapat ring sumunod sa mga protokol na ito sa kaligtasan at pagkontrol ng impeksyon. **Mangyaring tandaan**: Ang mga gawaan ng serbesa,

gawaan ng alak, at destilerya na hindi naghahain ng isang tunay na pagkain ay inaatasan na sumunod sa Protokol para sa mga Gawaan ng Serbesa, mga Gawaan ng Alak, at mga Distilerya: Appendix Y. Ang mga bar (na may isang pahintulot sa kalusugan [health permit] ng mababang panganib na restawran) ay pinahihintulutan na gumana sa labas na sumusunod sa Protokol para sa mga Bar: Appendix Y-1.

Ang COVID-19 ay karamihang naikakalat kapag ang mga tao ay pisikal na malapit sa isang taong may COVID-19 o may direktang pakikisalamuha/kontak sa taong yon. Kapag ang mga taong may COVID-19 ay umubo, bumahing, kumanta, nagsalita, o huminga, nakagagawa sila ng mga maliliit na patak (droplets) sa palahingahan. At, ayon sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention), ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 ay nadadagdagan sa isang kapaligiran ng restawran, tulad ng inilarawan sa ibaba, habang ang mga indibidwal ay tinatanggal ang kanilang mga maskara sa mukha habang kumakain o umiinom at mayroong nadagdagang interaksyon/pakikihalubilo sa mga taong hindi naninirahan sa parehong sambahayan.

- **Pinakamababang Panganib:** Serbisyo ng pagkain na limitado sa drive-through, paghahatid, take-out, at pagpick-up sa tabing kurbada (curbside pick-up).
- **Higit na Panganib:** Binigyang-diin ang drive-through, paghahatid, take-out, at pagpick-up sa tabing kurbada. Ang kainan sa mismong lugar (on-site dining) ay limitado sa panlabas na pagkakaupo (outdoor seating). Ang kapasidad sa pagkakaupo ay binawasan para pahintulutan ang mga mesa na magka-agwat ng mas malayo pa.
- **Mas Mataas na Panganib:** Ang kainan sa mismong lugar na may binawasang kapasidad sa panloob na pagkakaupo (indoor seating) para pahintulutan ang mga mesa na magkaroon ng agwat ng mas malayo pa. At/o ang kainan sa mismong lugar na may panlabas na pagkakaupo, ngunit ang mga mesa ay hindi nilagyan ng mas malayong agwat.
- **Pinakamataas na Panganib:** Ang kainan sa mismong lugar na may panloob na pagkakaupo. Ang kapasidad sa pagkakaupo ay hindi binawasan at ang mga mesa ay hindi nilagyan ng mas malayong agwat.

Sa mga protokol na susunod, ang terminong "sambahayan" (household) ay tinukoy bilang "mga taong naninirahan ng sama-sama bilang isang solong yunit ng paninirahan (single unit living)" at hindi dapat kabilangan ng mga sitwasyon sa pang-grupong paninirahan na pang-institusyon tulad ng mga dormitoryo, kapatiran (fraternities), kapatirang pangkababaihan (sororities), monasteryo, kumbento, o mga pasilidad sa pangangalagang pantirahan, hindi rin kabilang rito ang mga pagsasaayos sa paninirahan na pangkomersyal tulad ng mga boarding house, hotel, o motel.[1] Ang mga terminong "kawani" (staff) at "empleyado" ay nilalayong kabilangan ng mga empleyado, boluntaryo, intern at mga nagsasanay (trainees), mga iskolar at lahat ng iba pang mga indibidwal na nagsasagawa ng trabaho sa lugar. Ang mga terminong "mga bisita" o "mga kostumer" ay dapat na unawain para ibilang ang mga miyembro ng publiko at iba pang mga tao na hindi mga kawani o empleyado na gumugugol ng oras (spend time) sa negosyo o lugar. Ang mga terminong "establisyemento", "lugar" o "site", at "pasilidad" ay parehong tumutukoy sa gusali, kalupaan, at anumang katabing mga gusali o kalupaan (grounds) kung saan ang mga pinahihintulutang aktibidad o gawain ay idinaraos. Ang "LACDPH" ay ang Los Angeles County Department of Public Health (Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County).

**Ang mga sumusunod na inaatas/kinakailangan (requirements) ay nalalapat lamang sa mga gawaan ng serbesa, gawaan ng alak at distilerya na hindi saklaw sa pagkuha ng isang pahintulot sa pampublikong kalusugan (public health permit) at mag-aalok ng serbisyo ng pagkain na may mga kasamang tunay na pagkain:**
Ang mga gawaan ng serbesa, gawaan ng alak, at destilerya na may #1, #2, #4, #23 at/o #74 na lisensya sa alak ng estado na hindi nagtataglay ng isang pahintulot ng pampublikong kalusugan para sa restawran (mula ngayon ay tutukuyin bilang ang "Pasilidad") ay maaari ring mag-alok ng panloob na kainan sa nasasakupang lugar (on-premises) at serbisyo ng inumin hangga't ang Pasilidad ay sumusunod sa lahat ng mga protokol para

Retirado - Wala ng Epekto

[1] Los Angeles County Code, Titulo 22. §22.14.060 - F. Depinisyon ng Pamilya. (Ord. 2019-0004 § 1, 2019.) https://library.municode.com/ca/los_angeles_county/codes/code_of_ordinances?nodeId=TIT22PLZO_DIV2DE_CH22.14DE_22.14.060F

sa mga restawran na idinetalye sa ibaba, sumusunod sa mga karagdagang iniaatas para sa Pasilidad, at papasok sa isa sa mga sumusunod na pagkakaayos para mag-alok ng mga pagkain na may bentahan ng inumin sa nasasakupang lugar:

1) Ang Pasilidad ay maaaring kontratahin ang isang tagapagtustos ng pagkain (caterer) o restawran na may balidong Pahintulot ng Kalusugan ng Los Angeles County para mag-alok ng tunay na pagkain na may kasamang alak sa ilalim ng mga inaatas sa punong-abalang pasilidad (host facility requirements) na binalangkas sa Code ng Tingiang Pagkain ng California, hangga't ang Pasilidad ay nakakuha ng isang pahintulot ng kalusugan mula sa Environmental Health Division sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan bago gumana sa nasabing kapasidad. **ANG ALAK AY DAPAT NA BILIHIN SA PAREHONG TRANSAKSYON BILANG ISANG TUNAY NA PAGKAIN.** Ang operasyon sa pagtutustos ng pagkain (catering operation) ay dapat magkaloob ng Standard Operating Procedures sa Environmental Health Division sa EHmail@ph.lacounty.gov bago gumana sa nasabing kapasidad; o
2) Ang Pasilidad ay maaaring gumana kasama ang isang naililipat-lipat na pasilidad ng pagkain (hal. trak ng pagkain o mobile truck) na pinahihintulutan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County para magkaloob ng mga tunay na pagkain. Para sa lahat ng mga pagsasaayos, **ANG ALAK AY DAPAT NA BILIHIN SA PAREHONG TRANSAKSYON BILANG ISANG TUNAY NA PAGKAIN.** Dapat na abisuhan ng Pasilidad ang Environmental Health Division sa EHmail@ph.lacounty.gov bago gumana sa nasabing kapasidad.
3) Ang pasilidad ay hindi maaaring maghain ng anumang mga inumin o pagkain sa mga kostumer na hindi nakaupo, at ang mga kostumer ay hindi pinapayagan na kumunsumo ng pagkain o inumin maliban kung nakaupo sa isang mesa. Ang Pasilidad ay hindi maaaring gumana para sa mismong lugar na pagkonsumo ng pagkain o inumin sa pagitan ng mga oras na 11:00 P.M. at 11:00 A.M.

Ang "tunay na pagkain" ay tinukoy bilang isang karaniwang pagkakauri ng mga pagkain na karaniwang ino-order sa iba't ibang oras ng araw na maituturing na isang lehitimong pagkain (legitimate meal); ang serbisyo ng pauna ng naimpakeng pagkain (prepackaged food) tulad ng mga sandwits o salad, o ang simpleng pagpapainit ng mga pinalamig o nakahandang pagkain (frozen o prepared meals), o pag-alok lamang ng mga panghimagas (appetizers) at mga miryenda ay hindi ituturing na sumusunod sa kinakailangan/inaatas sa tunay na pagkain.

**Mga karagdagang inaatas/kinakailangan (requirements) na nalalapat sa lahat ng mga negosyo:**

Ang mga Pasilidad na hindi awtorisado sang-ayon sa Utos ng Kalusugan at Protokol na ito ay inaatasan na manatiling sarado.

Ang mga awtorisadong restawran at mga pasilidad sa serbisyo ng pagkain alinsunod sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan at ng Protokol na ito sa muling pagbubukas ay maaaring magrenta ng espasyo at mag-host ng mga Pribadong Kaganapan, ngunit kung ang Restawran o pasilidad sa serbisyo ng pagkain ay sarado lamang para sa regular na negosyo sa panahon na ang Pribadong Kaganapan ay nagaganap. Ang anumang Pribadong Kaganapan na hinost ng isang Restawran o pasilidad sa serbisyo ng pagkain ay dapat na sumunod sa Protokol para sa mga Pribadong Kaganapan: Appendix BB ng Pampublikong Kalusugan ng County. Ang mga Restawran at mga pasilidad sa serbisyo ng pagkain na may hiwalay na espasyo sa pribadong kaganapan na may ganap na hiwalay na pasukan, at mga hiwalay na pasilidad ay maaaring mag-host ng isang pribadong kaganapan habang pinananatili ang mga regular na operasyon ng restawran o iba pang pasilidad ng pagkain. Sa mga nabanggit na kaso kung saan ang isang pribadong kaganapan ay nagaganap sa parehong oras na ang negosyo ay bukas para sa mga regular na operasyon, ang mga bisita ng pribadong kaganapan ay hindi maaaring makihalubilo sa mga tagapagtangkilik (patrons) ng restawran. Ang mga Pribadong Kaganapan ay maaaring ganapin lamang sa loob (indoors) kung ang lahat ng bisita alinman ay ganap na nabakunahan para sa COVID-19 o nasuring negatibo para sa COVID-19 bago ang kaganapan, bilang pagsunod sa Protokol para sa mga Pribadong Kaganapan. Ang lahat ng mga bisita ng pribadong kaganapan ay inaatasan na ipakita sa Restawran ang patunay ng ganap na pagbabakuna o ang kanilang negatibong resulta ng pagsuri sa COVID-19 (swab o laway) bago ang pagpasok sa loob ng Pribadong Kaganapan.

Retirado - Wala ng Epekto

Ang protokol na ito ay hindi nilalayon para sa mga nagtitinda ng pagkain o food vendors (tulad ng mga food trucks at mga kariton ng pagkain [food carts]). Sumangguni sa [Gabay para sa mga Tagapagtinda ng Pagkain sa Kalye]() para sa mga inaatas/kinakailangan na nalalapat sa mga pasilidad ng pagkain na ito.

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong habang may mga karagdagang impormasyon at sanggunian na makukuha (resources) kung kaya't dapat tingnan ng madalas ang LA County website [http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/](http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/) para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito at nauugnay na patnubay.

Ang listahang ito ay sumasakop sa mga:

(1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho upang maprotektahan ang kalusugan ng empleyado
(2) Mga hakbang upang masiguro ang pisikal na pagdistansya
(3) Mga hakbang upang masiguro ang pagkontrol ng impeksyon
(4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
(5) Mga hakbang upang matiyak ang pantay-pantay na akses (equitable access) sa mga kritikal na serbisyo.

Ang limang mga pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng inyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Retirado - Wala ng Epekto

**Ang lahat ng mga restawran at mga gawaan ng serbesa, gawaan ng mga alak,, at distilerya na naghahain ng isang tunay na pagkain na sakop sa protokol na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.**

**Pangalan ng Negosyo:** ____________________

**Address ng Pasilidad:** ____________________

**Pinakamaraming Pag-okupa:** ____________________

**Petsa ng Pagpapaskil:** ____________________

## A. MGA PATAKARAN AT PAGSASANAY SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (I-CHECK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- ❑ Ang lahat ng maaaring magsagawa ng kanilang mga trabaho sa bahay ay inaatasan na gawin ito.
- ❑ Hangga't maaari ang mga mahihinang kawaning (mga taong higit sa 65 ang edad, mga buntis, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay binigyan ng trabaho na maaaring gawin mula sa bahay at dapat na talakayin ang anumang mga pagkabahala sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) o mga serbisyo sa katungkulang pangkalusugan (occupational health services) upang makagawa ng mga wastong desisyon sa pagbalik sa lugar ng trabaho.
- ❑ Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19.
- ❑ Ang mga manggagawa ay binigyan ng impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon (leave) na

itinataguyod ng amo (employer) o ng gobyerno na maaaring makatanggap ang empleyado para makatulong sa pinansyal habang nananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng 2021 COVID-19 Supplemental Paid Sick Leave Law.

- ❑ Sa oras na naipaalam na ang isa o ilan sa mga empleyado ay positibo o may sintomas katulad ng COVID-19 (kaso), ang amo/employer ay may plano o protokol na nakahanda na ipatupad upang abisuhan ang mga kaso na ibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at gawin ang kinakailangan na agarang pag-bubukod sa sarili ng lahat ng mga empleyado na nalantad sa mga kaso sa lugar ng trabaho. Ang plano ng amo/employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga nakabukod na empleyado na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 upang matukoy kung nagkaroon ng karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19.
- ❑ Sa kaganapan na ang may-ari, manager, o operator ay may nalaman na tatlo (3) o higit pang mga kaso ng COVID-19 sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo/employer ay dapat na iulat ang pagkalat na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821 o online sa www.redcap.link/covidreport. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad. Kakailanganin ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ang agarang kooperasyon ng pasilidad para tukuyin kung ang mga kumpol ng kaso ay bumubuo sa isang pagkalat ng COVID-19.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa pasukan (entry screenings) ay isinasagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado, mga nagtitinda at mga tauhan sa paghahtid, alinsunod sa gabay sa Pagsusuri sa Pasukan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County. Kasama sa pagsusuri ay ang pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. Ang mga check-in na ito ay maaaring gawin ng malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
  - o Negatibong Pagsusuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
  - o Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear):
    - ▪ Kung ang tao ay hindi ganap na nabakunahan[2] laban sa COVID-19 at nagkaroon ng isang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para mag-quarantine sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
    - ▪ Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.

Retirado - Wala ng Epekto

[2] Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

Retirado - Wala ng Epekto

- ❑ Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, ng walang gagastusin, ng isang [naaangkop na maskara sa mukha](#) na tumatakip sa ilong at bibig. Ang maskara ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Mariing inirerekomenda na ang mga operator ng restawran na bukas para sa panloob na kainan ay magkaloob sa mga empleyado, sa mga may kontak o maaaring may kontak sa mga panloob na kostumer, ng mga maskara na higit na mas epektibo sa pagprotekta laban sa maliliit na transmisyong aerosol, kabilang ngunit hindi limitado sa nasuri sa pagkakakasya na mga maskarang N95, mga maskarang KN95 at mga dobleng maskara, lalo't ang mataas na panganib na pagkalat ng COVID-19 sa ng panloob ng isang restawran na pagkakaayos. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang webpage ng Maskara sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County COVID-19 sa http://publichealth.lacounty.gov/ acd/ncorona2019/masks. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang tela na akma (form-fitting) sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang daanan ng balbula (one-way valve) ay hindi dapat gamitin.
- ❑ Ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras maliban kung sila ay mag-isa sa isang pribadong opisina na may saradong pinto o kapag sila ay kumakain o umiinom ng mag-isa. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo ay napawalang halaga hanggang sa karagdagang abiso.
- ❑ Ang mga empleyado ay inaatasan sa tamang paggamit ng mga maskara sa mukha, kabilang ang pangangailangan na labhan o palitan ang kanilang mga maskara sa mukha araw-araw.
- ❑ Ang mga panangga sa mukha (face shield) ay ipinagkaloob at suot ng mga empleyado, na hindi ganap na nabakunahan, na nakikisalamuha o maaaring makisalamuha sa mga kostumer (kasama rito ngunit hindi limitado sa mga punong abala na lalake o babae [host or hotesses], at mga kawani na nagsisilbi o wait staff na nakikihalubilo sa mga kostumer pati na rin ang iba pang mga empleyado tulad ng mga tagapaglinis ng mesa [bussers], runners at iba pang mga tao na maaaring pumasok sa lugar na nasa harap ng establisyemento). Ang panangga sa mukha ay dapat na isuot dagdag pa sa maskara sa mukha. Ang mga maskara sa mukha ay pumoprotekta sa ibang mga tao mula sa mga maliliit na patak ng taong may suot nito; ang mga panangga sa mukha ay tumutulong protektahan ang may suot mula sa mga maliliit na patak na mula sa ibang tao. Ang mga panangga sa mukha ay opsyonal para sa mga empleyado na nagpapakita ng patunay ng ganap na pagbabakuna sa kanilang amo/employer; ang pagsusuot ng maskara ay nananatiling inaatas. Para sa mga ganap nang nabakunahang empleyado na nakapagpakita ng patunay ng kanilang ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19, ang amo/employer ay dapat na lumikha at magtabi ng isang nakasulat na rekord na nagdodokumento na ang bawat isa sa mga empleyadong ito ay nakapagpakita sa kanila ng katanggap-tanggap na patunay ng ganap na pagbabakuna. Hindi kailangan ng amo/employer na magtabi ng isang kopya ng patunay ng ganap na pagbabakuna na ipinakita sa kanila.
    - o Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan para sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).
    - o Ang sumusunod ay katanggap-tanggap na ipakita ng empleyado sa kanilang amo/employer bilang patunay ng ganap na pagbabakuna para sa COVID-19: Kard sa pagbabakuna (na kabilang ang pangalan ng taong nabakunahan, uri ng ibinigay na bakuna at petsa na ibinigay ang huling dosis) O isang larawan ng kard sa pagbabakuna bilang isang hiwalay na dokumento O isang larawan ng kard sa bakuna ng taong dumalo na nakatabi sa isang telepono o elektronikong aparato O dokumentasyon ng ganap na pagbabakuna mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (na kinabibilangan ng pangalan ng taong binakunahan at nagkukumpirma na ang

tao ay ganap nang nabakunahan para sa COVID-19).

- ❑ Ang mga panangga sa mukha ay gagamitin, lilinisan, at didisimpektahin ayon sa mga direksyon ng tagagawa.
- ❑ Para matiyak na ang mga maskara ng mukha (face masks) ay isinusuot ng tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (pag-break) kapag nagagawa na nilang tanggalin ng ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao.
- ❑ Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa kainan at/o panandaliang pamamahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
  - Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana sa hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa panandaliang pamamahinga;
  - Halinhinan sa panandaliang pamamahinga o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at panandaliang pamamahinga; at
  - Paglalagay ng mga mesa na hindi bababa sa walong talampakan ang layo, pagtanggal, o pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partisyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga empleyado ay sinasabihan na siguruhing nasusunod ang mga kasanayan sa kalinisan kabilang ang madalas na paghuhugas ng kamay, paggamit ng hand sanitizer at tamang paggamit ng guwantes.
- ❑ Ang mga empleyado ay binibigyan ng oras para madalas na makapaghugas ng kanilang mga kamay.
- ❑ Ang mga empleyado ay pinaaalalahanan na takpan ng tisyu ang pag-ubo at pagbahing. Ang nagamit na tisyu ay dapat na itapon sa basurahan at ang mga kamay ay agad na hugasan gamit ang sabon at maligamgam na tubig ng hindi bababa sa 20 segundo.
- ❑ Ang lahat ng mga empleyado, tagapagtinda at tauhan sa paghahatid ay binigyan ng mga tagubilin tungkol sa pagpapanatili ng pisikal na pagdidistansya at paggamit ng mga maskara sa mukha kapag nasa paligid ng ibang tao.
- ❑ Ang mga manggagawa ay nakalista at suportado bilang mga tagapagturo ng kapwa (peer educators), nagpapalaganap ng mga tagubilin sa palibot ng pisikal na pagdistansya at pagkontrol ng impeksyon.
- ❑ Ang mga panandaliang pamamahinga sa trabaho ay halinhinan, bilang pagsunod sa mga regulasyon sa pasuweldo at oras, upang matiyak na ang anim (6) na talampakan sa pagitan ng mga empleyado ay napapanatili sa mga silid ng panandaliang pahinga (break room) sa lahat ng oras.
- ❑ Ang mga silid ng panandaliang pamamahinga, mga banyo, at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay dinidisimpekta sa dalas na binanggit sa ibaba, ngunit hindi bababa sa isang beses kada araw sa mga oras ng operasyon, sa sumusunod na iskedyul:
  - Mga silid ng panandaliang pamamahinga ____________________________________________
  - Mga banyo ____________________________________________

Retirado - Walang Epekto

- Iba pa ______________________________

- ❑ Ang mga pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  ______________________________

- ❑ Ang mga hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  ______________________________

- ❑ Ang mga kopya ng Protokol na ito ay naipamahagi na sa lahat ng mga empleyado.
- ❑ Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

  ______________________________

## B. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

**Mga Lugar ng Panloob na Kainan (Indoor Dining):**

- ❑ Ang bilang ng mga kostumer sa panloob na pagkakaupo ng isang restawran ay limitado sa isang pinakamarami na 50% ng panloob na pag-okupa ng restawran. Kung saan magagawa, ang mga lote ng paradahan ay nirekumpigura para limitahan ang mga punto ng pagtitipon-tipon at tiyakin ang wastong paghihiwalay.
  - Ang pinakamaraming (maximum) bilang ng mga kostumer sa lugar ng panloob na kainan ng restawran ay limitado sa: ______________
- ❑ Para matiyak ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa anim (6) na talampakan sa pagitan ng mga kostumer na nakaupo sa magkakaibang mesa, ang mga mesa ay dapat na inagwatan ng hindi bababa sa 6 (anim) na talampakan ang layo <u>kapag sinukat mula sa likuran ng upuan sa isang mesa hanggang sa likuran ng upuan sa katabing mesa kung saan ang mga kumakain ay nakaupo</u>. Nagpapahintulot din ito ng espasyo sa pagdaan sa pagitan ng mga mesa at para mabilang ang mga upuan na itinutulak palabas at okupado ng mga kostumer na nakaupo sa mesa. Sagarin (maximize) ang distansya sa pagitan ng mga mesa sa panloob na serbisyo na higit pa sa inaatas na anim na talampakan na inilarawan sa itaas, saanman posible, para mapababa ang mga panganib mula sa mga kostumer na kumakain sa loob nang walang mga maskara sa mukha. Ang plexiglass o iba pang harang ay hindi pinapalitan ang kinakailangang distansya sa pagitan ng mga mesa at distansya sa pagitan ng mga kumakain. Tingnan ang "Mga halimbawa ng aprubadong pagkakaayos ng upuan sa loob ng pinapayagang pag-okupa" sa ibaba.
- ❑ Ang panloob na pagkakaupo sa mismong lugar (on-site indoor seating) sa isang mesa ay dapat na limitado sa hindi hihigit na 6 na katao sa parehong partido. Ang lahat ng mga tao na nakaupo sa isang panloob na mesa ay dapat na mga miyembro ng parehong sambahayan at, samakatuwid, ay hindi kailangan na umupo ng 6 na talampakan ang layo mula sa isa't isa. Bago ang pagkakaupo, ang punong abala ay pasalitang ipapaalam sa partido na ang lahat ng nakikibahagi sa isang panloob na mesa ay dapat na mula sa parehong sambahayan.
- ❑ Kung ang lahat ng mga miyembro ng isang partido ay magpapatotoo at magpapakita ng patunay ng pagiging ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19[3], sila ay maaaring maupo nang sama-sama, hanggang sa anim (6) na tao kada mesa at mula sa hanggang anim (6) na magkakaibang sambahayan. Ang mga kostumer na nagpatotoo sa ganap na pagbabakuna ay dapat na magpakita sa operator ng kinakailangang beripikasyon, na isang larawan ng pagkakakilanlan at patunay ng ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19, tulad ng kanilang card sa pagbabakuna (na kinabibilangan ng pangalan ng taong binakunahan, uri ng bakunang ibinigay at petsa sa pagbibigay ng huling dosis) o isang larawan ng

Retirado - Wala ng Epekto

[3] Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

kanilang card sa pagbabakuna bilang isang hiwalay na dokumento o isang larawan ng card sa pagbabakuna ng tumanggap nito na itinabi sa isang telepono o elektronikong aparato o dokumentasyon ng ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19 na mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o healthcare provider (na kinabibilangan ng pangalan ng taong binakunahan at nagkukumpirma na ang tao ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19), bago sila maupo nang sama-sama.

- ❑ Walang panloob na live na paglilibang ang pinahihintulutan.
- ❑ Ang mga telebisyon o iba pang mga screen na matatagpuan sa loob ay maaaring gamitin para sa panonood ng mga kostumer.
- ❑ Ang mga pasilidad na nag-aalok ng serbisyo sa panloob na kainan sa mismong lugar (on-site indoor dining) ay dapat ring sumunod sa mga sumusunod:
  - o Ang mga counter ng bar na ginagamit para sa mga layunin ng paghahanda o paghahain ng mga inuming nakalalasing ay sarado sa serbisyo ng pagkain at inumin sa counter.

**Mga Lugar ng Panlabas na Kainan (Outdoor Dining):**

- ❑ Ang bilang ng mga kostumer sa isang lugar ng panlabas na pagkakaupo (outdoor seating) ay sapat na mababa para tiyakin ang pisikal na pagdistansya. Para matiyak ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 6 na talampakan sa pagitan ng mga kostumer na nakaupo sa magkakaibang mesa, dapat na inagwatan ng hindi bababa sa anim (6) na talampakang layo kapag sinukat mula sa likuran ng upuan sa isang mesa hanggang sa likuran ng upuan sa katabing mesa. Nagpapahintulot din ito ng espasyo sa pagdaan sa pagitan ng mga mesa at para mabilang ang mga upuan na itinutulak palabas at okupado ng mga kostumer na nakaupo sa mesa habang nagpapanatili ng pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga kostumer na nakaupo sa magkakaibang mesa. Ang plexiglass o iba pang harang ay hindi pinapalitan ang kinakailangang distansya sa pagitan ng mga mesa at sa pagitan ng mga kumakain. Tingnan ang "Mga halimbawa ng aprubadong pagkakaayos ng upuan sa loob ng pinapayagang pag-okupa" sa ibaba.
- ❑ Ang panlabas na pagkakaupo sa mismong lugar (on-site outdoor seating) sa mesa ay dapat na limitahan sa hindi hihigit sa 8 na tao sa parehong partido. Ang lahat ng mga taong nakaupo sa panlabas na mesa ay maaaring magmula sa hindi hihigit sa tatlong magkakaibang sambahayan. Bago ang pagkakaupo, ang punong abala ay dapat na pasalita na ipagbigay-alam sa partido na ang lahat na nakikibahagi sa isang mesa ay maaaring mula sa hindi hihigit sa tatlong sambahayan.
- ❑ Ang pinakamaraming bilang (maximum number) ng mga kostumer sa lugar ng panlabas na pagkakaupo ay limitado sa: ________, ayon sa napagpasyahan sa buong bilang ng mga upuan na magagamit pagkatapos na ang mga mesa ay inagwatan sa inilarawan sa itaas at may pinakamaraming bilang na walong (8) upuan sa bawat mesa.
- ❑ Kung ang lahat ng mga miyembro ng isang partido ay magpapatotoo at magpapakita ng patunay ng pagiging ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19[4], sila ay maaaring maupo nang sama-sama, hanggang sa walong (8) tao kada mesa at mula sa hanggang walong (8) magkakaibang sambahayan. Ang mga kostumer na nagpatotoo sa ganap na pagbabakuna ay dapat na magpakita sa operator ng kinakailangang beripikasyon, na isang larawan ng pagkakakilanlan at patunay ng ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19, tulad ng kanilang card sa pagbabakuna (na kinabibilangan ng pangalan ng taong binakunahan, uri ng bakunang ibinigay at petsa sa pagbibigay ng huling dosis) o isang larawan ng kanilang card sa pagbabakuna bilang isang hiwalay na dokumento o isang larawan ng card sa pagbabakuna ng tumanggap nito na itinabi sa isang telepono o elektronikong aparato o dokumentasyon ng ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19 na mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o healthcare provider (na kinabibilangan ng pangalan ng taong binakunahan at nagkukumpirma na ang tao ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19), bago sila maupo nang

Retirado - Wala ng Epekto

[4] Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

Retirado - Walang Epekto

sama-sama.

- ❑ Ang mga telebisyon o iba pang mga panooran (screen) na matatagpuan sa itinalagang mga lugar sa panlabas na kainan ay maaaring gamitin para sa panonood ng mga kostumer na nasa labas.
- ❑ Ang mga pasilidad na nag-aalok ng serbisyo ng panlabas na kainan sa mismong lugar ay dapat ring sundin ang mga sumusunod:
  - o Para magkwalipika bilang "mga operasyong panlabas", ang lugar ng kainan sa pasilidad at anumang pansamantalang mga istraktura na ginagamit para rito ay dapat na sumunod sa pamantayan ng Estado para sa isang panlabas pagkakaayos (outdoor setting) tulad ng tinukoy sa iniuutos na gabay ng Kagawaran ng Kalusugan ng California para sa [Paggamit ng mga Pansamantalang Istraktura para sa mga Panlabas na Operasyon ng Negosyo.](#)
  - o Ang mga panlabas na istraktura na hindi nakakatugon sa kriterya ng Estado para sa isang panlabas na pagkakaayos ay inuri bilang mga panloob na pagkakaayos, at sinumang mga kostumer sa loob nila ay bibilangin at isasama bilang bahagi ng 50% kabuuang limitasyon sa panloob na pag-okupa ng establisyemento.
- ❑ Ang mga counter ng bar na ginagamit para sa mga layunin ng paghahanda o paghahain ng mga inuming nakalalasing ay sarado sa serbisyo ng pagkain at inumin sa counter.

**Pangkalahatang Kinakailangan (General Requirements) para sa Lahat ng mga Pasilidad:**

- ❑ Ang establisyemento ay dapat na mahigpit at patuloy na metruhan (meter) ang pagpasok at paglabas ng mga kostumer sa lahat ng mga pasukan upang masubaybayan ang pag-okupa para matiyak ang pagsunod sa mga limitasyon ng kapasidad. Ang mga establisyemento na hindi sapat o hindi nagmemetro o tila lagpas sa kapasidad, ay maaaring, sa diskresyon ng inspektor ng pampublikong kalusugan, ay gawing pansamantalang sarado hanggang ang mga isyung ito ay maitama ayon sa pagpapasya ng on-site inspektor ng pampublikong kalusugan.
- ❑ Saanman maaari, magkaloob ng isahang, malinaw na itinalagang pasukan at hiwalay na mga labasan para tumulong magpanatili ng pisikal na pagdistansya.
- ❑ Mga hakbang upang masiguro na ang pisikal na pagdidistansya ay nasusunod kung saan ang mga kostumer o empleyado ay nasa isang pila. Kabilang dito ang mga check-stand at terminal, counter lines, mga banyo, lobby ng elebeytor, lugar ng punong abala (host stands) at mga lugar sa paghihintay, babaan at pickup ng valet, at iba pang mga lugar kung saan ang mga kostumer ay nagtitipon-tipon.
  - o Paglalagay ng teyp o iba pang pagmamarka na may 6 na talampakang agwat sa anumang lugar kung saan ang mga miyembro ng publiko ay maaaring gumawa ng isang pila o tayuan.
  - o Hangga't maaari magtatag ng pangdireksyon na mga pasilyo at daanan para sa mga naglalakad, upang hindi maglakad sa tabi ng isa't isa ang mga empleyado at kostumer.

  Kung maaari, ang isang empleyado na may suot na isang panangga sa mukha at maskara sa mukha ay nakapuwesto malapit sa mga lugar na nasa itaas, ngunit hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa mga pinakamalapit na kostumer, para masubaybayan na nasusunod ang mga pamamaraan sa pisikal na pagdistansya.
- ❑ Mga Pribadong Kaganapan:
  - o Ang mga Restawran at mga pasilidad sa serbisyo ng pagkain ay maaaring mag-host ng mga Pribadong Kaganapan (hal., mga resepsyon, pagpupulong, o handaan) sa mga panloob at panlabas na lugar ng pasilidad hangga't ang mga nasabing pribadong kaganapan ay dapat na ganap na sumusunod sa [Mga Protokol para sa mga Pribadong Kaganapan: Appendix BB](#) ng Pampublikong Kalusugan ng County.
  - o Kung ang isang restawran ay walang hiwalay na espasyo para sa pribadong kaganapan na may

hiwalay na pasukan, ang isang Pribadong Kaganapan ay maaari lamang ganapin sa mga oras na ang Restawran ay sarado na para sa mga normal na operasyon ng negosyo. Gayunpaman, ang mga restawran at mga pasilidad sa serbisyo ng pagkain na may hiwalay na espasyo para sa pribadong kaganapan na may ganap na hiwalay na pasukan at mga hiwalay na pasilidad ay maaaring mag-host ng isang pribadong kaganapan habang pinapanatili ang mga regular na operasyon ng restawran o iba pang pasilidad ng pagkain kung magagawa nilang magpanatili ng isang ganap na paghihiwalay sa pagitan ng pribadong kaganapan at mga operasyon ng restawran. Ang mga dadalo sa pribadong kaganapan ay hindi maaaring makihalubilo sa mga tagapagtangkilik ng restawran.

- Ang pinakamaraming kapasidad (maximum capacity) para sa anumang Pribadong Kaganapan na ginaganap sa labas ay 100 katao at maaaring pataasin sa 300 katao kung ang lahat ng mga bisita ay nasuring negatibo o mga ganap na nabakunahan para sa COVID-19 ayon sa itinakda sa Protokol para sa mga Pribadong Kaganapan ng Pampublikong Kalusugan ng County. Ang mga Pribadong Kaganapan ay maaaring ganapin lamang sa loob sa isang Restawran o iba pang pasilidad ng pagkain kung ang lahat ng mga bisita alinman ay nasuring negatibo para sa COVID-19 o mga ganap na nabakunahan para sa COVID-19 ayon sa itinakda sa Protokol para sa mga Pribadong Kaganapan ng Pampublikong Kalusugan ng County. Ang pinakamaraming kapasidad para sa anumang Pribadong Kaganapan na ginaganap sa loob ay 150 katao.
- Kung ang Restawran ay tumatakbo sa parehong oras na ang isang Pribadong Kaganapan ay ginaganap sa pasilidad, ang kapasidad para sa Restawran at ang kapasidad para sa Pribadong Kaganapan ay kinakalkula nang hiwalay.

❑ Ang live na paglilibang (live entertainment) sa panahon ng mga operasyon ng restawran ay pinahihintulutan lamang sa labas (outdoors). Dapat ay may nakikitang paghihiwalay para lumikha ng hindi bababa sa 12 talampakang distansya sa pagitan ng mga grupo ng nakaupong kostumer at ng entablado o ng gumaganap (performer). Ang mga gumaganap (performers) ay dapat na gumamit ng mga mikropono para sa pagganap sa hanggang magagawa nang sa gayon ang mga gumaganap ay maaaring limitahan ang paglabas ng boses, na nagsasanhi ng higit pang maliliit na butil, mga aerosol, at maliliit na patak ng laway na mailabas at maglakbay nang mas malayo pa.

❑ **Mga Gumaganap ng Musika (Musical Performers):**

- Ang mga gumaganap (performers) ay dapat na alisan ng laman ang mga water key (ang water key ay ang balbula na ginagamit para ilabas ang naipong likido sa mga instrumentong hinihipan) papunta sa patapon (disposable) o tuwalyang papel kailanman maaari at tumalikod sa ibang mga tao kapag inaalisan ng laman para maiwasan ang kontaminasyon ng likido. Ang mga musikero ay dapat na itapon ang kanilang mga ginamit na tuwalya at hugasan ang kanilang mga kamay at/o gumamit ng hand sanitizer pagkatapos ng pagtatapon. Kung ang mga musikero ay inalisan ng laman ang mga water key papunta sa isang hindi patapong (non-disposable) mga tuwalya, dapat na malinis ang mga tuwalya kapag dinala sa pagganap (performance) o praktis, tinatanggal ng musikero at inilalagay sa loob ng isang selyadong lalagyan na malayo mula sa iba pang mga tao para sa paglalaba, at ang musikero ay dapat na hugasan ang kanilang mga kamay at/o gumamit ng hand sanitizer.
- Gawin ang paglilinis ng instrumento, kabilang ang pagpupunas at paghahangin palabas, sa bahay at malayo sa ibang mga tao bago at pagkatapos ng praktis.
- Huwag magbahagi ng mga instrumento, kung maaari man itong magawa. Isaalang-alang ang paghihinto ng tulong mula sa mga katulong ng musikero (musician assistants), tulad ng mga tagapaglipat ng pahina (page-turners), o iba pang tao na hindi magawang makapagpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya.
- Dagdagan ang pagdistansya sa pagitan ng mga tao na umaawit o kumakanta at iba pang mga tao, o sa pagitan ng mga gumaganap sa instrumento ng brass/hangin at iba pang mga tao nang higit sa 6 na talampakan, kapag nasa labas at hindi nagsusuot ng mga maskara sa mukha. Isaalang-alang ang paggamit ng mga harang para magdagdag ng higit pang paghihiwalay sa mga kasong ito.

Retirado - Wala ng Epekto

  - Ang mga gumaganap sa instrumentong hinihipan/hangin ay dapat na gumamit ng mga karagdagang modipikasyon kung naaangkop, tulad ng mga aparato para makahuli ng aerosol o para baguhin ang direksyon ng hangin na inilalabas mula sa instrumento.

- ❑ Ang pagsasayaw ng kostumer ay patuloy na ipinagbabawal. Ang mga grupo ng kostumer ay dapat na manatiling nakaupo hangga't praktikal sa panahon ng anumang pagganap. Ang nakarekord na musika ay pinapayagan, ngunit ang tunog/volume ay dapat na sapat na mahina nang sa gayon ang mga manggagawa ay naririnig ang mga kostumer habang pinapanatili ang kanilang distansya.
- ❑ Ang mga pasilidad ng pagkain na nag-aalok ng mga pagpipilian ng pagkuha o paghahatid ay dapat tiyakin na ang mga kasanayan sa pisikal na pagdistansya ay naipatutupad para sa mga kostumer na iyon na nasa pila kapag umoorder o sa oras ng pagkuha at sa mga kawani kapag naghahatid.
- ❑ Ang mga restawran ay maaaring magpatuloy at hinihikayat na maging bukas para sa mga operasyon ng paghahatid, take out at drive thru.
- ❑ Ang mga solusyong teknolohiya, tulad ng mobile na pag-oorder at menu tablets, mga pagpipilian sa walang kontak (contactless) na pagbabayad, bukod sa iba pa, ay naipatupad upang mabawasan ang personal na pakikipag-ugnayan, kailanman posible.
- ❑ Idisenyo ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga kostumer, drayber na naghahatid at empleyado para pahintulutan ang pisikal na pagdidistansya.
  - Ang mga sahig sa loob at labas ng restawran na nasa mga lugar na maaaring paghintayan ng mga kostumer, mga nagtitinda, mga tauhan sa paghahatid/pagdedeliber o iba pang tao ay minarkahan para magawa at maipatupad ang pisikal na pagdidistansya.
  - Ang paggamit ng contactless na mga proseso para sa pagkuha at paghahatid at iba pang mga elektronikong sistema para sa mga pakikipag-ugnayan ng bisita ay naipatupad na, kung saan maaari.
  - Ang mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga empleyado at mga kostumer ay limitado sa pinakamatagal na limang minuto kada pangyayari, kung saan maaari.
- ❑ Ang kainan sa mismong lugar ay hinihikayat na gawin sa pamamagitan ng reserbasyon o inaabisuhan ang mga kostumer na tumawag ng pauna para kumpirmahin ang kapasidad ng panlabas na pagkakaupo/paghahain, saanman maaari. Ang impormasyon ng kontak para sa isang partido/salo-salo ay kinokolekta, kung praktikal sa normal na daloy ng operasyon ng negosyo, alinman sa oras ng booking ng reserbasyon o sa mismong lugar (on-site) para sa contact tracing kung ito ay kakailanganin.
  - Isaalang-alang ang sistema ng reserbasyon gamit ang telepono na nagpapahintulot sa mga tao na pumila o maghintay sa mga kotse at papasok lamang kapag ang isang tawag sa telepono, text, o iba pang paraan ay nag-aabiso sa kostumer na ang mesa ay handa na.
  - Isaalang-alang ang mga pagpipilian para sa panlabas na kainan ng mga kostumer para umorder ng mas maaga sa oras upang malimitahan ang halaga ng oras na ginugugol sa establisyemento.
- ❑ Kung ang establisyemento ay may kapasidad at piniling mag-alok ng pag-oorder sa mismong lugar, ang mga kostumer ay dapat na alokan ng isang menu (nakapaskil o isahang gamit [single-used] na handout), para pahintulutan ang madaling pag-oorder, at ang mga bagay na inorder ay dapat na pagsama-samahin, nakabalot at kukunin ng kostumer sa pinakamabilis na posibleng panahon. Ang mga kostumer na naghihintay ng mga order ay hindi maaaring magtipon sa lugar na sakop ng negosyo. Alinman ay dapat silang manatili sa kanilang saksakyan o kaya'y bumalik sa nararapat na oras para makuha ang kanilang order.
- ❑ Limitahan ang kontak sa pagitan ng mga empleyado at kostumer.

Retirado - Wala ng Epekto

- Magkabit ng mga pisikal na harang gaya ng mga partisyon o plexiglass sa mga kaha, lugar ng punong abala, counter sa pag-oorder, atbp., kung saan mahirap mapanatili ang pisikal na pagdidistansya na 6 na talampakan.
- Limitahan ang bilang ng mga empleyado na nagsisilbi sa mga indibidwal na partido.

- ❑ Huwag hikayatin ang mga empleyado at kostumer na magtipon-tipon sa mga lugar na maraming tao tulad ng mga banyo, pasilyo, lugar ng bar, terminal ng reserbasyon at credit card, atbp.
- ❑ Atasan ang mga empleyado na iwasan ang pakikipagkamay at mga kahalintulad na pagbati na lumalabag sa pisikal na pagdidistansya.
- ❑ Dagdagan ang distansya sa pagitan ng mga mesa sa hindi bababa sa 8 talampakan at sa hanggang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan para mapanatili ang pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga empleyado sa mga silid na panandaliang pamamahinga ng empleyado. Kung saan maaari, lumikha ng mga panlabas na lugar para sa panandaliang pamamahinga na may lilim at upuan na nagsisiguro ng pisikal na pagdidistansya.
- ❑ Ang mga operasyon ay muling idinisenyo, kung saan maaari, para makamit ang pisikal na pagdidistansya sa pagitan ng mga empleyado.
  - Ang kusina at iba pang mga sahig ng mga lugar sa likurang bahagi ay minarkahan para mapatibay ang mga kinakailangan sa pisikal na pagdidistansya.
- ❑ Ang mga protokol sa pisikal na pagdidistansya ay dapat na gamitin sa anumang mga lugar ng opisina, kusina, pantries, walk-in freezers, o iba pang mga lugar ng empleyado na abala at maraming tao.
  - Ang hindi sinasadyang (incidental) kontak ay inaasahan, gayunpaman, ang layunin ay limitahan ito ng mas mababa sa 15 minuto, mas mainam kung 10 minuto, at ang mga empleyado ay palaging suot-suot ang kanilang mga maskara sa mukha.

## C. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

### BAGO ANG PAGBUBUKAS

- ❑ Ang sistema ng HVAC ay nainspeksyon ng isang espesyalista sa HVAC sa loob ng 30 araw ng muling pagbubukas para sa panloob na kainan at maayos na gumagana; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, ang bentilasyon ay nadagdagan. Ang epektibong bentilasyon ay isa sa mga pinakamahalagang paraan para kontrolin ang maliit na transmisyong aerosol.
  - Hanggat maaari isaalang-alang ang pagkakabit ng portable at epektibong mga air cleaner, pagtaas (upgrading) sa mga uri ng air filter ng gusali sa pinakamahuhusay (highest efficiency), at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang hangin na galing sa labas at bentilasyon sa lahat ng mga pinagtatrabahuang lugar.
  - Tingnan ang Pansamantalang Patnubay para sa Bentilasyon, Pagsasala at Kalidad ng Hangin sa mga Panloob na Kapaligiran ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California para sa detalyadong impormasyon.
  - Mangyaring Tandaan: Ang bentilasyon at iba pang panloob na mga pagpapabuti sa kalidad ng hangin ay isang karagdagan sa, at hindi pumapalit para sa, mga inuutos na proteksyon kabilang ang pagsusuot ng mga pantakip sa mukha (maliban sa mga tiyak na kapaligiran na may mataas na panganib na nangangailangan ng paggamit ng wastong proteksyon sa palahingahan), pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao, madalas na paghuhugas ng mga kamay, at paglilimita sa mga aktibidad na pinagsasama-sama ang mga tao na mula sa magkakaibang sambahayan.

Retirado - Wala ng Epekto

- ❑ Para sa mga pasilidad na matagal na hindi pinatatakbo (have not been operating), padaluyin (flush) ang mga nakapirming mainit at malamig na tubig (hot and cold-water fixtures) sa loob ng limang minuto bago ang muling pagbubukas upang mapalitan ang lumang tubig (stale water) sa mga tubo (plumbing) ng pasilidad ng bago at ligtas na magagamit na tubig.
- ❑ Ang pasilidad ay maiging nilinis at sinanitize/dinisimpekta (gamit ang mga produktong aprubado para gamitin laban sa COVID-19), lalong-lalo na kung ito ay isinara.
  - Kumuha ng mga pagpipilian para sa ikatlong partidong kumpanya ng paglilinis (third-party cleaning company) upang tumulong sa nadagdagang pangagailangan sa paglilinis, kung kinakailangan.
- ❑ Ang mga espasyo tulad ng mga hapag kainan (dining rooms), mga lugar na punong abala, at mga kusina ay nilagyan ng wastong mga produkto sa kalinisan, kabilang ang hand sanitizer at sanitizing wipes para sa lahat ng mga empleyado na direktang tumutulong sa mga kostumer.
  - Tiyakin na ang mga pasilidad sa kalinisan ay nananatiling tumatakbo at may magagamit sa lahat ng oras at magkaloob ng karagdagang sabon, tisyu, at hand sanitizer kapag kinakailangan.
  - Inirerekomenda ang pagkakabit ng mga hindi hinahawakang (touchless) dispenser para sa mga hand sanitizer, sabon, tisyu at basura.
- ❑ Ang mga lokasyon ng babaan (drop-off) ay itinalaga para tumanggap ng mga deliveries na malayo sa mga lugar na maraming tao. Kung maaari ang personal na kontak para sa paghahatid ng mga bagay o paninda ay alisin.

## MGA KONSIDERASYON SA KALIGTASAN SA PAGKAIN

- ❑ Ang lahat ng mga kasanayan sa kaligtasan ng pagkain na nakalista sa Code ng Tingiang Pagkain ng California ay sinusunod at pinapanatili.
  - Panatilihing mainit ang mga mainit na pagkain (135 °F o mas mataas pa) at malamig ang mga malalamig na pagkain (41 °F o mas mababa pa).
  - Lutuing maigi ang mga pagkain gaya ng inaatas sa Code ng Tingiang Pagkain ng California.
  - Linisin at i-sanitize ang mga kubyertos at kagamitan sa inaatas na dalas na nakalista/binalangkas sa Code ng Tingiang Pagkain ng California.
  - Sumunod sa mga kasanayan sa kalusugan at kalinisan ng empleyado: Huwag magtrabaho kapag may sakit; maghugas ng mga kamay ng madalas; gamitin ang mga guwantes gaya ng inaatas sa Code ng Tingiang Pagkain ng California.
  - Tiyakin na ang lahat ng pagkain at sangkap ng pagkain ay mula sa aprubadong pinagkukunan ng pagkain.
  - Ang mga empleyadong naghahanda ng pagkain ay hindi hinihikayat na palitan o pasukin ang mga estasyon ng trabaho ng iba sa panahon ng mga trabaho.
- ❑ Ang mga makinaryang self-service, gaya ng mga makinarya ng soda at frozen yogurt ay ipinamamahagi ng isang empleyado ng pagkain at ang mga ibabaw na may kontak ay nililinis at sinasanitze oras-oras.
- ❑ Ang mga lugar kung saan ang mga kostumer ay maaaring magtipon-tipon o humawak ng pagkain o mga bagay na pang-pagkain na maaaring gamitin ng ibang mga kostumer ay isinara na. Ang mga bagay na ito ay indibidwal na ibinibigay sa mga kostumer at itinatapon o nililinis at dinidisimpekta pagkatapos ng bawat paggamit, kung naaangkop. Kabilang dito ngunit hindi limitado sa:
  - Mga lugar na self-service na may lagayan ng pampalasa (condiment caddies), lalagyan ng kubyertos (utensil caddies), napkin, takip, straw, lalagyan ng mga naiuuwing pagkain, atbp.
  - Mga lugar ng pagkain na self-service, gaya ng mga salsa bar, salad bar o buffet-style, kabilang ang pagpapatikim ng pagkain.

Retirado - Wala ng Epekto

- Ang paghahanda (hal. preparasyon ng quacamole) at presentasyon ng pagkain sa hanay ng mesa tulad ng mga walang takip na food item na nasa selection cart at mga conveyor belt. Maaari lamang gamitin ang mga cart at conveyor belt kung ang pagkain ay ganap na natakpan ng mga pantakip na nilinisan at dinisimpekta pagkatapos ng bawat paggamit o kaya ay pang-minsanang gamit lamang (disposable) at agad na itinatapon pagkatapos gamitin.
- Mga kending mint, meryenda, o toothpick para sa mga kostumer pagkatapos nilang kumain. Inaalok ang mga ito kasama ng resibo o ipinagkakaloob lamang kung hihilingin.

❑ Isang itinakdang kawani ng pagkain ay tinalagahan ng gawain sa pagbabalot ng silverware bago ang pagbibigay nito sa kostumer, kaysa sa maraming empleyado ang nag-aasikaso sa hindi nabalutang silverware bago gamitin ng kostumer.

❑ Ang muling pagpupuno (refilling) ng mga inumin na nasa mesa o mula sa mga karaniwang lagayan (hal., mga pitsel, garapon, botelya) ay hindi pinahihintulutan. Isang malinis na babasagin (glassware) ang ibinibigay sa kostumer para sa pag-refill.

## MGA KONSIDERASYON SA PASILIDAD

❑ Ang hand sanitizer at mga basurahan ay magagamit sa publiko sa pasukan o malapit sa pasukan ng pasilidad. Ang mga banyo na dati ay nakabukas sa publiko ay dapat na manatiling bukas sa publiko. Ang mga banyo ay regular na tsinetsek at nililinis at dinidisimpekta sa hindi bababa sa isang beses kada araw ayon sa natukoy na kinakailangan gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA.

❑ Isang plano sa paglilinis at disimpeksyon para sa madalas mahawakan na mga ibabaw at mga lugar na dinadaanan ay nabuo na at sinusunod.

- Mga karaniwang lugar at madalas na mahawakan na mga bagay kaugnay sa pickup at pagbabayad ng kostumer (hal., mga mesa, hawakan ng pinto, credit card readers) ay dinidisimpekta sa hindi bababa sa isang beses kada araw sa mga oras ng negosyo gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA.
- Dagdagan ang paglilinis at pagdidisimpekta para sa mga ibabaw na nasa mga lugar na maraming tao o sa mga ibabaw na lantad sa mga indibdiwal na walang mga maskara.

❑ Ang pasilidad ay naaangkop na nililinis at sinasanitize/dinidisimpekta (gamit ang mga produkto na aprubado gamit laban sa COVID-19) gabi-gabi. Isang talaan (log) ay itinatabi para subaybayan ang pagtatapos saanman maaari.

❑ Ang mga audio headset at iba pang kagamitan ay hindi pinagsasaluhan sa pagitan ng mga empleyado maliban kung ang kagamitan ay wastong dinisimpekta pagkatapos ng bawat paggamit. Konsultahin ang mga tagagawa ng kagamitan para matukoy ang mga naaangkop na hakbang ng pagdidisimpekta.

❑ Ang mga tagahugas ng pinggan na nakapaghuhugas ng mga kagamitan sa pagkain na paulit-ulit na ginagamit (multi-use) ng kostumer ay pinagkakalooban ng kagamitan para protektahan ang kanilang mga mata, ilong at bibig mula sa kontaminasyon dahil sa talsik (splash) gamit ang isang kombinasyon ng mga maskara sa mukha, pamprotektang salamin, at/o panangga sa mukha. Ang mga tagahugas ng pinggan ay pinagkakalooban ng walang pagkatagos na apron at inaatas na palitan ng madalas. Ang paulit-ulit na magagamit (resusable) na pamprotektang kagamitan tulad ng mga panangga sa mukha at salamin ay wastong dinidisimpekta sa pagitan ng paggamit.

## MGA LUGAR SA SERBISYO NG KOSTUMER

❑ Para magkaloob ng serbisyo sa panloob na kainan, ang isang lugar sa panloob na kainan ng pasilidad ay dapat na, hanggang sa pinakamaaaring saklaw, ay pahintulutan ang malayang daloy ng panlabas na hangin papunta sa kabuuang espasyo upang bawasan ang panganib ng transmisyon ng COVID-19 para

Retirado - Wala ng Epekto

sa mga kostumer at kawani. Maaaring kabilangan ito ng pag-iiwan ng bukas ang mga pintuan at bintana sa mga oras ng operasyon.

- ❑ Hangga't maaari ang mga kostumer ay dapat na pumasok sa mga pintuan na tinukuran (propped) para bumukas (ito ay susuriin para sa pag-apruba ayon sa kabuaang pagkalantad sa vermin) o ginawang awtomatiko (automated) kung maari. Ang hand sanitizer ay dapat na magagamit para sa lahat ng mga bisita na dapat humawak sa mga hawakan ng pinto.
- ❑ Para patakbuhin o paganahin ang serbisyo sa panlabas na kainan na walang limitasyon sa pag-okupa, dapat na pahintulutan ng lugar sa panlabas na kainan ang malayang daloy ng hangin papunta sa buong espasyo, at dapat na sumunod sa mga parametro ng Estado, tulad ng tinukoy sa inilutos na gabay ng Kagawaran ng Kalusugan ng Calfiornia sa [Paggamit ng mga Pansamantalang Istraktura para sa mga Panlabas na Operasyon ng Negosyo](). Ang mga panlabas na istraktura na hindi nakakatugon sa kriterya ng Estado para sa isang panlabas na pagkakaayos ay inuri bilang mga panloob na pagkakaayos, at sinumang mga kostumer sa loob nila ay bibilangin at isasama bilang bahagi ng 50% kabuuang limitasyon sa panloob na pag-okupa ng establisyemento.
  - o Ang mga partisyon o harang sa palibot o sa loob ng pasilidad ay maaaring gamitin sa mga operasyon ng panlabas na kainan at hindi pumasa bilang mga saradong bahagi hangga't sila ay hindi hihigit sa 3 talampakang taas na sinukat mula sa sahig at hindi nakakasagabal sa malayang daloy ng hangin papunta sa kabuuan ng pasilidad. Ang isang partisyon o harang na higit sa 3 talampakan ang taas ay itinuturing na isang saradong bahagi ng isang panlabas na istraktura.
  - o Ang mga bakod (fences) at screen na hindi nakakasagabal sa daloy ng hangin ay hindi itinuturing na mga saradong bahagi para sa layunin ng pagtutukoy kung ang isang lugar ay panlabas.
- ❑ Ang mga kostumer ay inaatasan na dapat sila ay magsuot ng mga maskara sa mukha sa oras ng pagpasok sa pasilidad, kapag naglalakad saan man sa pasilidad, at kapag gumagamit ng banyo, at alinsunod sa mga tagubilin na inilarawan sa Seksyon D. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taon ang edad at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay na hindi sila dapat magsuot ng maskarang pantakip ng mukha ay dapat na magsuot ng panangga sa mukha na may tela sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara na may mga isang daanan ng balbula ay hindi dapat gamitin. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang maskara sa mukha ay dapat na may magagamit (available) ang mga bisita na dumarating na wala nito.
  - o Ang mga kostumer ay maaaring tanggalin ang mga maskara sa mukha kapag nakaupo lamang sa isang mesa at kumakain o umiinom.
  - o Ang mga kostumer ay dapat na nakaupo para komunsumo ng anumang pagkain o inumin. Hindi maaaring magpalakad-lakad ang mga kostumer o tumayo habang kumakain o umiinom.
  - o Ang mga kostumer na tumangging magsuot ng telang maskara sa mukha ay maaaring tanggihan ng serbisyo at pauwiin.
- ❑ Mga Tagubilin sa Kostumer. Ang mga establisyemento ay dapat na maglagay ng isang palatandaan o card (hindi liliit sa 3 x 5 na pulgada) sa mesa na mayroon man lamang o halos kaparehong mga tagubilin pagkatapos na i-sanitize ang bawat mesa sa pagitan ng mga partido ng kostumer:

  "Tulungan kaming panatilihing bukas ang aming negosyo, protektahan ang aming mga kawani, at protektahan ang mga kapwa kumakain sa pamamagitan ng pagsunod sa aming mga simpleng patnubay:
  - o Panatilihing nakasuot ang iyong maskara hanggang ang iyong mga inumin ay naihain na at pagkatapos na kainin/inumin ang mga ito.

Retirado - Wala ng Epekto

- Isuot ang iyong maskara tuwing ang isang magsisilbi (server) ay lalapit sa iyong mesa.
- Isuot ang iyong maskara tuwing lilisanin mo ang iyong mesa.
- Maghugas o mag-sanitize ng iyong mga kamay.

Salamat sa pagtulong sa pagprotekta sa kalusugan ng aming mga kawani at sa iyong mga kapwang kostumer!"

Ang iba pang mga pagpipilian, tulad ng karatula, mga digital board, bukod sa iba pa, ay maaaring gamitin sa lugar ng serbisyo ng inumin para ipagbigay-alam at paalalahanan ang mga kostumer sa mga tagubiling ito habang sila ay nakaupo at sa kanilang buong oras na nasa establisyemento.

- ❑ Ang mga kostumer na dumarating sa lugar na may mga batang kasama ay dapat nilang siguruhin na ang kanilang mga anak ay nasa tabi ng magulang/katiwala, umiiwas sa paghawak sa sinumang tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari, at nakasuot ng mga maskara sa mukha kung pinahihintulutan na ng kanilang edad.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa sintomas ay isinasagawa bago maaaring makapasok ang mga bisita sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.
  - Negatibong Pagsusuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
  - Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear).
    - Kung ang tao ay nagkaroon ng isang kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok at dapat na umuwi sa bahay agad para mag-quarantine. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
    - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok at dapat na umuwi sa bahay agad para magbukod. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation
- ❑ Ang mga tagapagsilbi, tagapaglinis ng mesa, at iba pang mga empleyado na nag-uurong ng mga bagay na ginamit ng mga kostumer (maruruming tasa, mga plato, napkin, atbp.) o nag-aasikaso ng mga supot ng basura ay dapat na hugasan ang kanilang mga kamay pagkatapos na kumpletuhin ang gawaing ito.
- ❑ Ang mga reusable menu ay nililinis at dinidisimpekta sa pagitan ng mga kostumer. Ang mga alternatibo tulad ng mga stationary menu boards, elektronikong menu, o nada-download na menu sa mobile na aparato ay dapat na isaalang-alang.
- ❑ Ang mga lugar na kinauupuan ng mga kostumer ay nililinis at sinasanitize pagkatapos ng bawat paggamit. Ang mga upuan, mga mesa, at iba pang mga bagay na nasa mesa ay dapat na minsanang gamit lamang o nililinis/sinasanitize sa pagitan ng mga kostumer. Ang bawat mesa alinman ay may pang-itaas na tela na pinapalitan sa pagitan ng mga bisita o isang matigas na hindi tinatagusang (hard-non-porous) ibabaw na nililinis at sinasanitze sa pagitan ng mga bisita.
- ❑ Ang mga lalagyan para sa takeout ay pinupuno ng mga kostumer at magagamit lamang kung hihilingin.
- ❑ Hinihikayat ang mga transaksyon na hindi ginagamitan ng pera o cash. Kung makatwiran para sa pasilidad ng pagkain, pinagagana ang mga kostumer na i-swipe ang kanilang sariling mga credit/debit card, at ang mga card reader ay ganap na sinasanitize oras-oras.

Retirado - Wala ng Epekto

- ❑ Opsyonal - Ilarawan ang iba pang mga hakbang (hal. pagkakaloob ng mga oras na para sa mga matatanda o senior lamang, pagbibigay insentibo sa mga panahong matumal ang benta):

_______________________________________________________________________________

## D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito o ang nailimbag na Sertipiko ng Pagsunod sa COVID-19 (COVID-19 Safety Compliance Certificate) ng LA County na nasa pasilidad ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad. Para sa higit pang impormasyon o para kumpletuhin ang programa sa pagpapatunay ng sarili para sa pagsunod sa kaligtasan sa COVID-19, bisitahin ang http://publichealth.lacounty.gov/eh/covid19cert.htm. Ang mga pasilidad ay dapat na magtabi ng isang kopya ng mga Protokol sa mismong lugar sa pasilidad para sa pagsisiyasat sa oras na hilingin.
- ❑ Isang karatula ang nakapaskil sa lahat ng mga pasukan na pinaaalalahanan ang mga kumakain na publiko na magpanatili ng pisikal na pagdistansya, maghugas ng mga kamay o gumamit ng hand sanitizer sa oras ng pagpasok sa isang restawran, magsuot ng maskara sa mukha kapag hindi kumakain o umiinom, manatili sa bahay kung sila ay may sakit o may mga sintomas na tumutukoy sa COVID-19. Tingnan ang webpage sa Patnubay sa COVID-19 ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County para sa mga karagdagang mapagkukunan at mga halimbawa ng karatula na maaaring gamitin ng mga negosyo.
- ❑ Ang lahat ng mga establisyemento ay dapat ring magpaskil ng karatula sa lahat ng mga pasukan at pasalitang ipagbigay-alam sa mga kostumer na dumarating para sa panloob na kainan na ang lahat ng nagsasalo-salo sa isang mesa ay dapat na mula sa parehong/iisang sambahayan.
- ❑ Para sa mga restawran na matatagpuan sa loob ng isa pang negosyo o sa isang panloob o panlabas na shopping center o mall, nakapaskil ang karatula na nagpapahiwatig sa mga kostumer na hindi sila maaaring kumain o uminom saanman sa nasasakupang lugar ng negosyo o mall maliban sa itinalagang panloob o panlabas na mga lugar ng kainan.
- ❑ Isang karatula ay nakapaskil na nagpapaalala sa kumakaing publiko na panatilihin ang pisikal na pagdidistansya ng anim na talampakan, hugasan ang mga kamay o gumamit ng sanitizer sa pagpasok sa isang restawran, at manatili sa bahay kung sila ay may sakit o may mga sintomas na COVID-19.
- ❑ Ang mga online outlets ng establisyemento (website, sosyal [social] media, atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon tungkol sa mga oras ng pasilidad, ang kailangang paggamit ng mga maskara sa mukha, ang pangangailangan para sa lahat na nagsasalo-salo sa isang mesa na dapat ay mula sa parehong sambahayan, at mga patakaran tungkol sa preordering, reserbasyon, paunang bayad (prepayment), pagkuha at/o paghahatid at iba pang mga kaugnay na isyu.

## E. MGA HAKBANG UPANG MATIYAK ANG PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- ❑ Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kostumer/kliyente ay binigyan ng prayoridad.
- ❑ Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring ialok ng remotely ay inilipat sa on-line.
- ❑ Pinasimulan ang mga hakbang para masigurado ang akses sa mga paninda at serbisyo para sa mga kostumer na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib kung nasa mga pampublikong lugar.

Retirado - Wala ng Epekto

**Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi naisama sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na mga pahina, na dapat itong ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.**

**Maaari kayong makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:**

**Pangalan ng Kontak ng Negosyo:** ____________________

**Numero ng telepono:** ____________________

**Petsa na Huling Nirebisa:** ____________________


Retirado - Wala ng Epekto

## Mga Dayagram ng Pagkakaupo

Ito ay anim (6) na dayagram na nilalayong gamitin bilang mga halimbawa sa panloob at panlabas na pagkakaupo. Ang mga harang ay maaaring hindi magamit para bawasan ang espasyo sa pagitan ng mga mesa para madagdagan ang kapasidad ng upuan. Ang paghihiwalay ng mga mesa sa 8 talampakan na dulo sa dulo ay magtitiyak ng pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 6 talampakan man lang sa pagitan ng mga kostumer na mula sa magkakaibang mga sambahayan.

Retirado - Wala ng Epekto


### DAYAGRAM 1




**Gilid sa gilid**

6 na talampakan sa pagitan ng mga upuan sa bawat gilid na upuan


### DAYAGRAM 2




**Perpendikular na pagkakaupo**

6 na talampakan sa pagitan ng upuan ng kostumer at katabing mga upuan ng mesa sa bawat gilid ng upuan


### DAYAGRAM 3




**Gilid sa gilid**


6 na talampakan sa pagitan ng mga upuan na magkatalikuran

### DAYAGRAM 4




**Halinhinang pagkakaupo** 6 na talampakang pagitan sa pinakamalapit na punto

### DAYAGRAM 5





**Komunal na estilo ng mesa, walang mga harang**

6 na talampakan sa pinakamalapit na miyembro ng isa pang sa bawat gilid ng upuan

### DAYAGRAM 6

6 na talampakan



**Mga Booth**

Ang mga nakapirming booth ay maaaring upuan para pahintulutan ang pinakamaliit na 6 na talampakang paghihiwalay sa pagitan ng mga kostumer